Ang Inyong Impormasyon

Ito'y Pribado

State Government Victoria Department of Human Services

Ano ang mangyari sa impormasyon tungkol sa inyo habang kayo ay isang kustomer sa serbisyong ito?

Sino Kami?

Kami ay isa sa mga maraming serbisyong pangkalusugan at pag-aalaga sa inyong lugar, na nagtutulongan upang matugunan ang inyong mga pangangailangan sa pangkalusugan.

Ano Ang Mga Impormasyong Kinakalap Namin Tungkol Sa Iyo?

Inilalagay namin ang inyong pangalan at mga iba pang detalye sa inyong talaan bilang kustomer. Ang iba pang mga detalye katulad ang plano ng pag-aalaga at impormasyon tungkol sa inyong kalusugan ay itinatala bawat pagbisita ninyo.

Bakit Kami Kumukuha Ng Impormasyon?

Ang impormasyon kinukolekta namin ay makakatulong sa amin na napapanahong nakakaalam sa mga detalye ng inyong mga pangangailangan upang maalagaan kayo sa pinakamagandang paraan. Gusto rin naming gamitin ang impormasyon upang lalong mabuti ang aming pangangasiwa at pagpaplano sa serbisyong ito.

Sino Pa Ba Ang Nakakakita Sa Impormasyong Tungkol Sa Iyo?

Ang inyong impormasyon ay makikita lamang ng mga propesyonal na kasali sa serbisyo ng inyong pagkaka-alaga. Kundi man, ibibigay lamang namin ang impormasyon tungkol sa inyo kung gustuhin ninyo o kung kinakailangan ng batas, katulad sa emerhensyang pang- medikal.

Mayroon kayong masabi tungkol sa maaaring gagawin sa inyong impormasyon?

Makakapagdesisyon kayo sa paggagamitan ng impormasyong nagmula sa inyo. Umaasa kami na sa tulong ng impormasyong ibinigay ninyo sa amin ay maibigay namin ang tamang pagka-alaga ninyo. Kung piliin ninyo na huwag ibigay ang ilan sa mga impormasyon o pagbawalan ang pagpapakita sa inyong mga ulat bilang kustomer, ito ay karapatan ninyo, ngunit maaaring ito ay makakaapekto sa kakayahan naming makapagbigay ng mga posibleng pinakamabuting serbisyo. Tawagan po kami kung gusto ninyong baguhin o ikansela ang permisong inyong ibinigay.

Paano Maaalagaan Ang Inyong Impormasyon?

Lubos naming babantayan ang pagka-kompidensyal ng inyong mga ulat. Ang pagka-pribada ng impormasyon tungkol sa inyo ay protektado rin ng batas. Tatratuhin namin na talagang kompidensyal at itatago ito ng sigurado.

Maaari Ba Ninyong Tingnan Ang Inyong Impormasyon?

Oo, mayroon kayong karapatan na huminging makita ang inyong impormasyon at humingi din na mabago ito kung kinakailangan.

Mayroon pa ba kayong mga katanungan?

Maari po bang makiusap sa isa sa ating mga kawani kung mayroon kayong mga iba pang katanungan o reklamo tungkol sa anumang maaring mangyari sa impormasyon ninyo habang kayo ay aming kliyente, o kung gusto ninyong tingnan ang inyong ulat.